Palliative Care Victoria

# Ano ang Palliative Care?

## What is Palliative Care?

Ang palliative care (pangangalagang pampakalma) ay pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong may terminal na sakit. Nakatuon ito sa ginhawa, suporta, at kalidad ng buhay para sa mga pasyente at sa kanilang mga pamilya. Tinutulungan nito ang mga tao na mabuhay nang matagal at maginhawa hangga't maaari.

Palliative care is health care for people living with a terminal illness. It focuses on comfort, support, and quality of life for patients and their families. It helps people live as well as they can for as long as they can.

### Kailan maaaring simulan ang palliative care?

Ang palliative care ay maaaring simulan anumang oras ng isang lumalalang sakit, hindi lamang sa mga huling linggo o araw ng buhay. Sa maraming kaso, ang isang tao ay maaaring makatanggap ng palliative care habang tumatanggap pa rin siya ng iba pang paggamot para sa kanyang sakit.

### When can palliative care start?

Palliative care can start at any time of a progressive illness, not just in the final weeks or days. In many cases, a person can receive palliative care while they are still receiving other treatments for their illness.

## Sino ang nagbibigay ng palliative care?

Ang palliative care ay maaaring ibigay ng sinumang propesyonal sa kalusugan tulad ng isang general practitioner (GP) o doktor, espesyalistang medikal o nars.

Ang mga espesyalistang serbisyo ng palliative care ay maaaring maisali kapag naging mas kumplikado ang mga sintomas ng isang tao. Karaniwang pinamumunuan ang mga ito ng isang doktor o nars na dalubhasa sa pagkontrol ng mga sintomas ng katapusan ng buhay gaya ng matinding pananakit, pagsusuka at kahirapan sa paghinga.

Ang espesyalistang pangkat ng palliative care ay patuloy na makikipagtulungan sa kasalukuyang pangkat ng pangangalagang pangkalusugan at maaaring kabilangan ng:

- Mga doktor
- Mga nars
- Mga kaalyadong propesyonal sa kalusugan (allied health professionals)
- Mga parmasyutiko/botika
- Mga sikologo (psychologist)
- Mga tauhan ng pangangalagang espirituwal o pastoral
- Mga boluntaryo sa palliative care

## Paano makakakuha ng mga espesyalistang serbisyo ng palliative care?

Ang isang indibidwal, miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, o doktor ay maaaring gumawa ng referral sa mga espesyalistang serbisyo ng palliative care.



## Who provides palliative care?

Palliative care can be provided by any health professional such as a general practitioner, medical specialist or nurse.

Specialist palliative care services can be involved when a person's symptoms become more complex. They are usually led by a doctor or a nurse who specialises in controlling end of life symptoms such as strong pain, vomiting and difficulty in breathing.

A specialist palliative care team will continue to work in partnership with a person's existing healthcare team and may include:

- Doctors
- Nurses
- Allied health professionals
- Pharmacists
- Psychologists
- Spiritual or pastoral care workers
- Palliative care volunteers

## How to get specialist palliative care services?

A referral to specialist palliative care services can be made by an individual or family member or carer, or any health professional.

## Anong pangangalaga ang ibinibigay ng mga espesyalistang serbisyo ng palliative care?

Kabilang sa mga espesyalistang serbisyo ng palliative care ang:

- Tulong sa pagkontrol sa mga kumplikadong pisikal na sintomas
- Suporta sa mga alalahaning panlipunan, pangkultura, at pang-espiritwal
- Pagpapayo at suporta sa pagdadalamhati para sa tao at sa kanyang pamilya o mga tagapag-alaga

## Saan maaaring ibigay ang mga espesyalistang serbisyo ng palliative care?

Maaaring ibigay ang palliative care:

- Sa bahay
- Sa ospital
- Sa hospice
- Sa residential aged care home
- Sa suportadong tirahan para sa may kapansanan

## Magkano ang halaga ng mga espesyalistang serbisyo ng palliative care?

Karamihan sa mga serbisyo ng palliative care ay walang bayad. Maaaring may ilang gastos para sa mga gamot o kagamitan na mapag-uusapan kung kailangan.

## Anong suporta ang makukuha para sa pamilya at mga tagapag-alaga?

Ang mga espesyalistang serbisyo ng palliative care ay nagbibigay din ng praktikal at emosyonal na suporta para sa mga pamilya at tagapag-alaga.



## What care do specialist palliative care services provide?

Specialist palliative care services include:

- Help controlling complex physical symptoms
- Support with social, cultural and spiritual concerns
- Counselling and grief support for the person and their family or carers

## Where can specialist palliative care services be provided?

Palliative care can be provided:

- At home
- In hospital
- In a hospice
- In a residential aged care home
- In supported disability accommodation

## How much do specialist palliative care services cost?

Most palliative care services are free. There may be some costs for medicines or equipment which will be discussed if required.

## What support is available for family and carers?

Specialist palliative care services also provide practical and emotional support for families and carers.

## Paano kung kailangan ng interpreter?

Mahalagang ipaalam sa serbisyo kung kailangan ng interpreter sa pagbisita.

## Paano ako makakahanap ng serbisyo o makakakuha ng karagdagang impormasyon?

- Makipag-usap sa iyong doktor, espesyalista o sinumang propesyonal sa kalusugan
- Tawagan ang iyong lokal na Serbisyo ng Palliative Care
- Makipag-ugnayan sa Palliative Care Victoria
  - » Telepono: 03 9962 9644 (9am hanggang 5pm, Lunes hanggang Biyernes)
  - » Email: info@pallcarevic.asn.au
  - » Bisitahin ang website: https://www.pallcarevic.asn.au/.

Interpreter

Maaaring mag-ayos ng interpreter sa telepono. Mangyaring sabihin sa amin kung aling wika ang kailangan mo.



## What if an interpreter is needed?

It is important to let the service know if an interpreter is needed for a visit.

## How do I find a service or get more information?

- Talk to your doctor, specialist or any health professional
- Call your local Palliative Care Service
- Contact Palliative Care Victoria
  - » Telephone 03 9962 9644 (9am to 5pm, Monday to Friday)
  - » Email: info@pallcarevic.asn.au
  - » Visit the website: https://www.pallcarevic.asn.au/

Interpreter

A telephone interpreter can be arranged. Please tell us what language you need.

**Palliative Care** Victoria

# Ano ang Palliative Care?

Filipino

I-scan upang tingnan ang aming website

Scan to view our website